BAGO-PRIMARYA

Public education
**Discover a world of opportunities**

# MGA BILANG: PAG-AARAL SA TAHANAN

## MGA LARO TUNGKOL SA PAGBIBILANG

**Piko**

Magaling ito sa pagkakatuto ng pagbilang at makapag-ehersisyo!

**Tapikin ang lobo**

Bilangin niyo kung ilang ulit niyo matapik ito papunta sa isa't-isa na hindi ito sasayad sa sahig. Kapag ito ay tumama sa sahig, mag-umpisa kayo muli.

**Domino**

Bilangin at ibabagay ang mga tuldok.

**Umawit kayo ng mga bilang na may rima, melodiya at kanta.**

**Mga larong ahedres at dais**

Tulungan ang iyong anak na kilalanin kung gaano karami ang tuldok sa dais na hindi binibilang ang bawat tuldok nito. Halimbawa: *"Alam ko na iyan ay apat dahil nakikita ko ang dalawa at dalawa"*. Bilangin niyo ang mga patlang habang kayo ay tumitira sa laro.

**Mga larong eletroniko**

Magsama kayo ng mga laro ng pakikipagsapalaran (adventure), mga naka-base sa web na paligsahang laro at mga larong isport. Maglaro kayo ng mga pakikipagsapalarang laro sa kompyuter kasama ang iyong anak at magtanong ng kagaya ng: *Ilang mga bituin ang kailangan mo para makarating sa susunod na antas?*

**Mga larong baraha**

Ang mga larong baraha ay magaling para matuto sa mga bilang, magbagay ng mga magkatulad na bilang at matutong mahalili.

**Paghanap ng plaka ng kotse**

Humanap ng mga plaka ng kotse na may numerong 1. Pagkatapos ay humanap kayo ng isang plaka na may 2, saka 3 at saka iba pa.

**Mga "Jigsaw puzzle"**


Hayaan niyong tapusin ng iyong anak ang isang puzzle sa pamamagitan ng pagpili ng mga tamang hugis na bagay na magkakasama.

**Mahiwagang numero**

Mag-isip kayo ng isang numero. Pahulaan niyo sa iyong anak kung ano ang bilang na ito habang nagbibigay kayo ng mga pahiwatig. *Ang aking bilang ay higit sa 10 ngunit kulang sa 19. Ito ay pantay na bilang (even number). Minsan isang dosena ang tawag dito.*

**Scavenger hunt**

**Maglista kayo ng mga bagay na hahanapin ng iyong anak sa paligid ng bahay at hardin. Halimbawa:** ***Tatlong gumnut, apat na kulay-kapeng dahon, isang pulang dahon, limang pansipit ng damit, dalawang pulang bloke at isang kabibe.***



Department of Education

**Matutunghayan ang marami pang mga pahina ng pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au**

© Department of Education, Western Australia, 2015